

Masaganang Buhay Kay Cristo

Ano ba ang tunay na kahulugan para sa iyo ng isang masaganang buhay?

Ang masaganang buhay ba ay pagtatamo ng lahat ng pinakamahuhusay na bagay dito sa mundo? Ito ba ay isang kalagayan ng kawalan ng anumang pangangailangan, kung saan ang lahat ng suliranin ay matutugunan ng walang kahirap-hirap? O, ito kaya'y isang damdamin ng kagalakan, kasiyahan, at kapayapaan ng kalooban o kaya'y pagkakaroon ng higit na karunungan at kapangyarihan nang higit kaysa sa ibang tao? Ano po ang masaganang buhay na na dala ni Jesus noong Siya'y dumating sa kauna-unahang pagkakataon?

PANIMULA

Ang takbo ng buhay sa panahong ito ay lubhang napakabilis. Ang lahat ay parang mga daga na inilagak sa isang kahon na walang ginawa kundi tumakbo ng tumakbo sa apat na sulok ng munti nilang daigdig. Ang lahat ay halos aligaga sa araw-araw sa kani-kanilang gawain o trabaho para sa iisang layunin, ang kumita ng salapi. Di pa man pumuputok ang haring araw, marami ng mga tao ang nasa kalsada upang pumasok sa kani-kanilang trabaho, ang iba ay patungo sa pwesto ng kanilang negosyo samantalang ang iba naman ay papauwi pa lang mula sa panggabing gawain.

Marami ang sa kanila ay napasok kahit sa araw ng sabado't linggo at piesta opisyal upang makaipon ng pantustos sa kanilang pangangailangan at ang iba ay kanilang hilig, at bisyo. May ilan namang kabataan ang pumapasok sa eskwela, nagsisikap na para balang araw ay maging bahagi ng mga taong nagpapagal sa araw-araw para guminhawa ang buhay. Paulit ulit lang ang ikot ng buhay tungo sa nagkaka-isang isipan at layunin, ang makamit ang masaganang buhay.

Anupat may ilan ang nakikipagsapalaran sa pinakamadaling paraan para maisakatuparan ito sa lalong madaling panahon. Marami ang nangingibang bansa; iniiwan ang pamilya para mag-alaga ng anak ng iba o magpaalipin sa lupa ng mga dayuhan tulad ng ilan nating kababayan. Mayroon namang umaasa sa suwerte—tumataya, o nagsusugal umaasang makamtan ang malaking gantimpala na magpapabagong bigla sa estado ng kanilang pamumuhay. Marami ang di pa man nananalo ay pinag-iisipan na kung ano ang gagawin sa salaping mapapanalunan. Parang nagtatayo ng palasyo sa hangin. Bakit? Dahil sa hinahangad na masaganang buhay.

Samantalang sa ibang bahagi ng mundo, ang iba ay kumakapit sa patalim, pinili ang mapapanganib na pamamaraan tulad ng pagtitinda ng pinagbabawal na gamot o droga, pagnanakaw, pang-uumit sa gobyerno o opisnang pinapasukan, pagpatay katumbas ng isang halaga. May nanloloko gamit ang produktong gawa-gawa lamang sa likod bahay, na binebenta sa mataas na halaga, at ang iba gamit lamang ang matatamis na dila na tumatawag ng pansin sa pamamagitan ng internet, mga pekeng dokumento, palsipikadong tseke at iba pa para higit na makapag-engganyo ng marami. Marami sa mga ito ay nasasadlak pagkabigo, nabibilanggo, napapatay, at nagpapakamatay sa ibat ibang kadahilanan. Para saan ang pagpapagal na ito? Para sa iisang hangarin, ang masaganang buhay.

Ano ba ang masaganang buhay? Ano ba ang sukatan para masabi na naaabot mo na ang kalagayang iyon? Ang masaganang buhay ba ay sa pagtatamo ng lahat ng pinakamahuhusay na bagay dito sa mundo? Ito ba ay katumbas ng isang estado ng kawalan ng anumang pangangailangan?

Sa aklat ni Juan 10:10 sinabi ni Jesus, "*Ako ay dumating na sila ay magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang higit na masagana.*"

Kung walang habas mong babasahin ang talatang ito, maaaring maisip mo na si Jesus ay parang nag-aalok ng buhay na marangya, maginhawa at sagana sa mga materyal na bagay. Nakalulungkot, ang karamihan ng mga taong naniniwala kay Jesus ay nabubuhay sa ilalim na mas mababa pa sa kanais-nais na kondisyon—mga kapuspalad at sapat at magkaminsan ay kulang pa ang kinikita sa pang araw-araw na pangangailangan. Kapag ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng matinding kakulangan ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay, ang isang buhay na sagana ay katulad ng isang mailap na pangarap, tila isang "palayok ng ginto" sa dulo ng bahaghari—gaya ng sinasabi ng isang kasabihan. Kung gayon, kung ang tinutukoy ni Jesus ay isang kalagayan ng isang buhay na walang kakulangan sa materyal na bagay, ang palatandaan ng bigong mga pangako ay malinaw na nakikita sa mga taong ito. Ano ang uri ng masaganang buhay ang binabanggit ni Jesus? Ang kayamanan ba ay katumbas ng pagpapala? Ito ba ang ipinapangako ni Jesus?

Buhay na Hiwalay sa Dios

Matapos na magkasala si Adan, ang tao ay nagsimulang mamuhay sa paraang pinili niya; at madalas ito ay salungat sa paraan ng Diyos. Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na *ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos* (Roma 3:23). At *ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan* (Roma 6:23). Ang kasalanan ay may malaking papel sa halos lahat ng paghihirap na dinaranas ng sangkatauhan. Sina Adan at Eva ang nagsimula ng lahat ng ito; simula noon, nagpatuloy ang sangkatauhan na mamuhay ng hiwalay mula sa patnubay ng Diyos. Totoo, ang sangkatauhan sa pangkalahatan ay hindi nagawa ang uri ng kasalanan ni Adan, subalit sa ibang paraan ng pagsuway, ang lahat ng tao ay lumabag sa mga batas ng Diyos.

Roma 5:12-14, *Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala: Sapagka't ang kasalanan ay nasa sanglibutan hanggang sa dumating ang kautusan: nguni't hindi ibinibilang ang kasalanan kung walang kautusan. Bagaman ang kamatayan ay naghari mula kay Adam hanggang kay Moises, kahit doon sa hindi nagkasala man ng tulad sa pagkakasala ni Adam, na siyang anyo niyaong darating.*

Magbalik-tanaw tayo sa panahon na pinili ng tao ang sariling paraan na naghatid sa kanya sa gayong sitwasyon. Isinalaysay ng Genesis 2:8-10, "*at ng Panginoong Diyos ay naglagay ng isang halamanan na dakong silangan ng Eden; at doon inilagay niya ang mga tao na siya ay nilikha. At mula sa lupa na ginawa ng Panginoong Diyos ay lumago ang bawa't punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kainin; ang punungkahoy ng buhay din sa gitna ng halamanan, at ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. At isang ilog na lumabas sa Eden na dumilig sa Halamanan; at mula roon ito ay nahati at nag-apat.*"

Ito ay hindi isang ordinaryong halamanan. Ang lumikha ay may isang direktang kamay sa pagdisenyo kung ano ang maaaring maging pinaka-kanais-nais na anyo ng pirasong lupang ito. At inilagay ng Diyos ang unang lalake at babae doon para panatilihin at pangalagaan ito (Genesis 2:15). Kumpleto sa lahat ng bagay para sa maginhawang pamumuhay nang di nangangailangang gumamit ng ibayong lakas at pagsisikap upang matugunan ang kanilang pangangailangan, sina Adan at Eva ay ninamnam ang magandang buhay sa loob ng hardin.

Ang Diyos ay ang kanilang Dakilang Mapagkalinga. Sila ay hindi mangangailangan ng anumang bagay. Ang pagsunod sa Diyos ang dapat nilang gawin upang manatili sa hardin. Sa madaling salita, sila ay libre sa anumang mga pasanin at mga pabigat sa buhay kung saan karamihan ng mga naninirahan sa mundo ngayon ay dinaranas. Ganoon kasarap ang kanilang sitwasyon sa buhay hanggang sa sila'y magkasala at alisin ng Diyos sa hardin, inilagay sa isang bagong buhay na ginabayan lamang ng sarili nilang pagpapasya, at pagsisikap.

Mula noon, ang Diyos ay halos hindi na isinasaalang-alang sa mga gawain ng tao. Ang tao ay umasa na lamang sa sarili niyang 'talino' upang tuklasin para sa kanyang sarili kung paano pangasiwaan ang kanyang gawain. Siya ay gumagawa ng kanyang sariling sistema ng pamamahala at binalangkas ang kanyang sariling mga batas; at Anupat sa lahat ng ito na ginawa ng tao, ang mahusay na sistema na sana magdadala sa lahat ng tao para sa magandang buhay ay di pa rin natutuklasan.

Ngayon, ang huling habilin ng Diyos kay Adan ay hinabi sa hindi kanais-nais na mga kataga. Sinabi ng Diyos, "*Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang; Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi.*" (Genesis 3:17-19)

Ang mga talatang nabanggit ay direktang may kaugnayan sa materyal na pangangailangan ng sangkatauhan upang buhayin ang kaniyang pisikal na katawan. Iniutos ng Diyos na ang tao ay magtrabaho para sa mga ito. At ito ay ang unang na 'di kanais-nais' na kalagayan na inilatag ng Dios bago ang takdang pag-alis ni Adan mula sa halamanan. Ang pangyayaring iyon ay tanda ng pagsisimula ng buhay ng tao na malayo sa mga pinagkukunan ng isang buhay na may ginhawa, kapanatagan at kasaganaan, malayo sa hardin na nagkakaloob ng kanilang pang-araw araw na kakanin.

Kailangan na nilang bungkalin ang lupa, magtanim, magdilig at kainin ang kung anuman ang magiging ani nito. Pagpagalan ang bawat bagay na kailangan nila para mabuhay tulad ng tahanan, pagkain at damit na susuutin.

Ang Kakayahan ng Tao

Sa kabila ng pahayag ng Diyos sa tao na pagpagalan nito ang kanyang tinapay na kakanin, pinatunayan ng sangkatauhan na kaya niyang tumayo sa hamon. Isinumpa ng Diyos ang lupa, subalit hindi siya naging hadlang para sa mga tao na maging produktibo upang matustusan ang kanilang pangangailangan, hanggang patuloy siya sa pagsunod sa Diyos na magtrabaho para sa kanyang ikabubuhay. Ang pagsisikap ay isa sa hindi mababagong prinsipyo ng Diyos na gagana sa sinuman. Mahal pa rin ng Diyos ang kanyang nilikha. Nais niya na patuloy silang sumunod sa mga alituntuning iyon.

Kaya ngayon, dahil sa pagsulong ng agham at teknolohiya na binuo ng magkakasunud-sunod na nagdaang henerasyon at ngayo'y isa nang realidad. Ang matatandang patriarka o ama ay tiyak na hahanga at nagugulumihan kung sila ay mahimalang babangon mula sa kanilang mga libingan at masaksihan kung paano ang kasalukuyang henerasyon ay naging lubhang sopistikado. Pinatunayan lamang nito na ang tao ay walang limitasyon ang kakayahan upang maisakatuparan ang mga dakilang bagay sa mundong kanyang ginagalawan. Natural, Alam ng Diyos ang kakayahan ng tao nung una pa man. Sa aklat ng Genesis ay ganito ang mababasa " *Narito, sila'y iisang bayan at silang lahat ay may isang wika; at ito ang kanilang pinasimulang gawin: at, ngayon nga'y walang makasasawata sa anomang kanilang balaking gawin.* (Genesis 11:6).

Ngayon nalaman natin na ang tao'y maaaring malampasan ang bawat balakid na pipigil sa kanya para magtagumpay sa lahat ng kanyang pisikal na adhikain. Ang Tao ay may kakayahan upang gamitin ang mga yaman ng lupa at maging produktibo.

Unti-unting natuklasan ng tao ang maraming bagay na magagamit niya na nagmula sa lupang binubungkal niya. Ang pagkatuklas ng metal ay iba pang kagamitan ay nagbukas ng pinto para makalikha ng mas matibay na tahanan, mga daan, tulay, at mga gusali, makagawa ng mga armas upang magamit sa mababangis na hayop at maging sa mga taong nais lumupig sa kanila gaya ng mga matataas na kalibre ng baril, dinamita at mga sandatang *nuclear* at kemikal na kayang gumiba ng mga bansa at mga kontinente. At ang tao ay nakagawa rin ng matitibay na dam na daluyan ng tubig, makinarya na magpapadali ng kanilang gawain, mga sasakyan na magdadala sa kanila sa ibat ibang lugar tulad ng eroplano at iba pang sasakyang umuusad sa lupa at tubig na lalong nagpadali sa kanilang pakikipag-ugnayan at pakikipagkalakalan sa mga tao sa ibang lugar at mga bansa.

At hindi pa nasiyahan dito ang tao, nakagawa sila ng mga kagamitan tulad ng *Telepono, Computers at cellphones at iba pang gadgets* na lalong nagpalago sa industriya ng pakikipagtalastasan at kalakalan. Sa panahong ito, ang lahat ay makakamit na sa isang pindot ng buton, makapipili ng anumang nais bilhin ng hindi kailangan umalis ng bahay at makasasagot sa mga liham o komentaryo sa loob ng isang saglit. Oo, ang kalakalan at komunikasyon ay nailapit na sa bawat isa, ang pakikipagnegosasyon sa mga tao sa ibang bansa ay lubhang napakadali na, maging ang pag-aaral. At ang Babel ng kaguluhan, na nagpakalat sa tao nung una matapos ang malaking baha bunga ng pagkakaiba iba ng kanilang wika, (Genesis 11:1-9) ay unti-unti ng nagigiba ng mga makabagong kagamitan na magagamit para isalin ang ibang wika sa wikang mauunawaan ng gumagamit niyaon na kasinlaki lamang ng relong pambisig (*Portable language translation device*). Sa ganito'y di na kailangang magpagal ang tao sa pag-aaral ng ibang wika, at lalong mapadali ang pandaigdigang pakikipagtalastasan. Anupat wala na ngang imposible sa tao, sa lahat ng balakin niyang gawin, makabubuti man ito o makasasama.

Malayo na nga ang narating ng tao, siya ay umunlad sa kanyang pagiging malikhain, matalino, masigasig, at masigla. Maaari niyang pangalagaan ang kanyang mga pangangailangan sa buhay kahit di makialam ang Diyos. Subalit ang lahat ng ito sukat pa rin dapat ipagpasaalamat ng tao sa Dios, sa talino at lakas na kaloob niya. Maging ang mga likas na yaman na nagamit ng tao sa kanyang pagsasaliksik at pag-unlad ay buhat sa Dios na siyang naghanda ng lahat ng ito para sa tao bago pa Niya likhain ang mga ito.

Ang tao ay nilikha sa larawan at sa wangis ng Dios (Genesis 1:26-27), *At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating*

larawan, ayon sa ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa. At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.

Ang pagiging kalarawan at kawangis niya sa Dios ay isang malaking dahilan kung bakit lumalago ang kaisipan niya ng higit kaysa sa ibang nilalang na nilikha ng Dios. Ang kakayanan ng taong makauunawa, makapagdesisyon, at matuto sa mga bagay sa kanyang paligid, sa ibang nilalang at maging ng tungkol sa kanyang sarili ay bahagi ng kaloob ng Dios sa tao, pati ang kalayaan mamili.

Oo, nanagana ang maraming tao dahil sa talino lakas at kakayahan na kaloob ng Dios na lumikha sa kanya. Subalit sa kabila nito, nakalimutan din ng tao ang pinanggagalingan ng lahat ng ito. Ang katotohanan ay, hindi lahat ng tao na nasa listahan ng mga masasabing may masasaganang buhay na mayayaman, matatalino at mga sikat ay naniwala sa Diyos ng Biblia.

Masaganang Buhay ayon kay Jesus

Sa Juan 10:10 sinabi ni Jesus, "Ako ay dumating na sila ay magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang higit na masagana."

Ano naman ang kahulugan ng masaganang buhay ayon kay Jesus?

Ang kahulugan ng masaganang buhay ayon kay Jesus ay malayo sa mga iniisip at konsepto ng tao. Kinumpirma niya ito, at sinabing: *"Magmasid kayo, at kayo'y mag-ingat sa lahat ng kasakiman: sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya", Lucas 12:15.* Ang masaganang buhay na tinukoy ni Jesus ay hindi masusukat sa pamamagitan ng kasaganaan ng yamang nakatago sa banko o sakaha de yero. Ang salitang Griyego na ginamit ni Jesus para masagana ay *perissos* na ang ibig sabihin ay nag-uumpaw sa dami, mas mataas sa kalidad, lubhang hindi kayang masukat. At may nagiisang tao sa kasaysayan ang dumanas ng higit pang kayamanan at kapangyarihan, dili't walang iba kundi si Haring Solomon.

Si Solomon ay nag-angkin ng kayamanan, karunungan at katanyagan na hindi mapapantayan ng sinumang pinakamayaman maging sa panahong ito. At alinmang bansa sa mundo sa panahon ngayon ay hindi nagkamit ng kasaganaan at karangalang tinamo ng kaharian ni Solomon—kung saan ang kapayapaan at kasaganaan ay natamasa ng lahat ng kanyang mga nasasakupan. Pulutin natin ang ilan sa mga talata upang ilarawan ang sitwasyon sa panahon ng kanyang panunungkulan.

Sa 1 Hari 4:20-28, *"Ang Juda at ang Israel ay marami, na gaya ng buhangin sa tabi ng dagat sa karamihan, na nagkakainan, at nagiinuman, at nagkakatuwa. At si Salomon ay nagpupuno sa lahat ng kaharian na mula sa Ilog hanggang sa lupain ng mga Filisteo, at hanggang sa hangganan ng Egipto: sila'y nagsipagdala ng mga kaloob, at nagsipaglingkod kay Salomon lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay. At ang pagkain ni Salomon sa isang araw ay tatlong pung takal ng mainam na harina, at anim na pung takal na harina, Sangpung matabang baka, at dalawang pung baka na mula sa pastulan, at isang daang tupa, bukod pa ang mga usang lalake at babae, at mga usang masungay, at mga pinatabang hayop na may pakpak. Sapagka't sakop niya ang buong lupain ng dakong ito ng Ilog, mula sa Tiphsa hanggang sa Gaza, sa lahat ng mga hari sa dakong ito ng Ilog: at siya'y may kapayapaan sa lahat ng mga dako sa palibot niya. At ang Juda at ang Israel ay nagsitahang tiwasay, na bawa't tao'y sa ilalim ng kaniyang puno ng ubas at sa ilalim ng kaniyang puno ng igos, mula sa Dan hanggang sa Beer-seba, sa lahat ng kaarawan ni Salomon. At mayroon si Salomong apat na pung libong kabayo sa kaniyang mga silungan para sa kaniyang mga karo, at labing dalawang libong mangangabayo. At ipinag-imbak ng mga katiwalang yaon ng pagkain ang haring Salomon, at ang lahat na naparoon sa dulang ng haring Salomon, bawa't isa'y sa kaniyang buwan: walang nagkulang na anoman. Sebada naman at dayami sa mga kabayo, at sa mga matuling kabayo ay nagsipagdala sila sa dakong kinaroroonan ng mga pinuno, bawa't isa'y ayon sa kaniyang katungkulan."*

Iyon ay maliit na bahagi lamang ng mga kayamanan at pag-aari ni Solomon. Ang mga susunod pang kabanata ang

magsasabi sa atin ng karingalan ng mga naglalakihang gusali na binuo niya kung saan gumamit ng mga dalisay na ginto bilang palamuti sa loob ng mga ito. Bukod pa riyon, "Binigyan ng Diyos si Solomon ng karunungan at malawak na pang-unawa, at malaking puso, kahalintulad ng buhangin na nasa baybayin ng dagat." (1 Hari 4-8)

Subalit, sa kabila ng lahat ang nakasisilaw na karangyaan, kapangyarihan at karunungan, Si Solomon ay hayagang nakadama ng kapanglawan at pagkabigo, kaya naisinulat niya ang ganito:

"Sa gayo'y naging dakila ako, at lumago ako ng higit kay sa lahat na nauna sa akin sa Jerusalem: ang akin namang karunungan ay namamalagi sa akin. At anomang ninasa ng aking mga mata ay hindi ko ipinagkait: hindi ko pinigil ang aking puso sa anomang kagalakan, sapagka't nagagalak ang aking puso dahil sa lahat kong gawain; at ito ang aking bahagi na mula sa lahat kong gawain.

*Nang magkagayo'y minasdan ko ang lahat ng mga gawa, na ginawa ng aking mga kamay, at ng lahat na aking pinagsikapang gawin; at, narito, **lahat ay walang kabuluhan at nauuwi sa wala, at walang pakinabang sa ilalim ng araw.** At ako'y pumihit upang masdan ang karunungan, at ang kaululan at ang kamangmangan; sapagka't ano ang magagawa ng tao na sumusunod sa hari? samakatuwid baga'y ang nagawa na sa panahon ng nakaraan. Nang magkagayo'y aking nakita, na ang karunungan ay humihigit sa kamangmangan, na gaya ng liwanag na humihigit sa dilim. Ang mga mata ng pantas ay na sa kaniyang ulo, at ang mangmang ay lumalakad sa kadiliman: at gayon ma'y aking namalas na isang pangyayari ang nangyari sa kanilang lahat. Nang magkagayo'y sinabi ko sa puso ko, Kung ano ang nangyari sa mangmang gayon ang mangyayari sa akin; at bakit pa nga ako naging lalong pantas?*

Nang magkagayo'y sinabi ko sa puso ko, na ito man ay walang kabuluhan. Sapagka't kung paano sa pantas ay gayon din sa mangmang, walang alaala magpakailan man; makikita na sa mga araw na darating ay malilimutang lahat ito. At kung paanong ang pantas ay namamatay ay gayon ang mangmang! Sa gayo'y ipinagtanim ko ang buhay; sapagka't ang gawa na ginawa sa ilalim ng araw ay mapanglaw sa akin: sapagka't lahat ay walang kabuluhan at nauuwi sa wala. At ipinagtanim ko ang lahat kong gawa na aking ginawa sa ilalim ng araw: yamang marapat kong iwan sa tao na susunod sa akin." (Eclesiastes 2:9-18)

Malinaw na ang naranasan ni Solomon na labis na karangyaan ay hindi sa anumang paraan naglalarawan ng masaganang buhay ayon sa pamantayan ni Jesus. Maaaring natutunan ni Solomon ang ganitong pananaw mula sa kanyang Ama na si David: "Tiyak, ang bawat tao sa kanyang pinakamahusay na kalagayan ay isang hininga lamang. Tiyak, ang bawat tao ay naglalakad tulad ng multo; tiyak, sila'y gumawa ng kaguluhan para sa wala; nagkakamal ng mga kayamanan nang hindi alam kung sino ang magtitipon at makikinabang." (Awit 39:5-6). At ang malungkot na katotohanan ayon kay Pedro, "lahat ng laman ay gaya ng damo, at ang lahat nitong kaluwathatian ay tulad ng bulaklak ng damo, ang damo natutuyo, at ang mga bulaklak ay nalalaglag." (1 Pedro 1:24)

Ang isang masaganang buhay na dala ni Cristo ay higit pa kaysa sa anomang pinagsisikapan maipon ng tao. Sa takbo ng isang taong "abala" sa mag-ipon ng mga kayamanan, ang katotohanan na ang buhay ay maiksi lamang, panandalian at maglalaho—sa malao't madali—maaaring "makaligtaan" hanggang isang uri ng 'medikal na kundisyon' o karamdaman ang magsimula sumira sa iniingatang-buhay.

Ang Kahirapan ba ay Pagiging maka-Dios?

Ang lathalaing ito ay hindi sa anumang paraan humihikayat ng katamaran, ni itinataguyod ang "panata ng kahirapan". Kasipagan at pagiging produktibo ay isang kabanalan na naaayon sa Bibliya (Mga Kawikaan 6:6-11; Efeso 4:28; 2 Tesalonica 3:7-12). Si Abraham, ang Ama ng matatapat, ay lubhang mayaman sa hayop, sa pilak at ginto. (Genesis 13:2) Gayon pa man, hindi siya isang kaluluwang inalipin ng kayamanan. Nakatuon ang kanyang pansin sa mas tumatagal at matibay na pangako ng Diyos. Mula sa aklat ng Hebreo ay mababasa natin: "Ayon sa pananampalataya ay nangamatay lahat sila, na hindi nakamtan ang pangako, nguni't kanilang nakita at natanaw mula sa malayo, at kanilang ipinahayag na sila'y pawang taga ibang bayan, at manglalakbay lamang sa ibabaw ng lupa. Sapagka't ang mga nagsasabi ng mga gayong bagay ay nagpapakilalang hinahanap nila ang kanilang sariling lupain. At katotohanang kung kanilang naalaala yaong lupaing kanilang pinanggalingan, ay nagkaroon sana sila ng mabuting pagkakataon upang bumalik. Nguni't

ngayon ay nagnanasa sila ng lalong magaling na lupain, sa makatuwid baga'y makalangit: kaya hindi sila ikinahihiya ng Dios na tawaging Dios nila; sapagka't kaniyang ipinaghanda sila ng isang bayan.” (Hebreo 11:13-16). Inilarawan ang bansa na binanggit sa ika-21 kabanata ng Aklat ng Pahayag.

Ang kalalakhian at kababaihan na kilala para sa kanilang matibay na pananampalataya sa Diyos ay ginustong upang umasa sa mga pangako ng Diyos sa halip na "naising manatili" ng permanente sa mundong ito. Sila ay di naimpluwensyahan, ni nabuyo ng isang sistema na ang pananalig ay nakasalig sa mga 'paraan ay magkamal—mula sa politika, negosyo at maging ng relihiyon. May mga mayaman na tao na sumunod kay Jesus sa panahon ng kanyang pananatili sa lupa. Isa sa kanila ay si Jose ng Arimatea na inalagaan ang bangkay ni Jesus. Siya 'y isang napakayamang lalaking naghihintay at inaabangan ang kaharian ng Diyos (Mateo 27:57; Marcos 15:43).

Pagpapala at Yaman

Sa tuwing mababanggit ang salitang 'pagpapala' o 'blessing' sa wikang ingles, tila nakakondisyon na ang isip ng marami sa atin na ang tinutukoy ay pera o kayamanan. Pero ito ba ang pakahulugan ng kasulatan kapag sinasabi nito na “Tayo’y pagpapalain?” Ito ba ay singkahulugan ng kayamanan?

Maraming mga mangangaral sa panahong ito na nagtataguyod ng tinatawag na “Prosperity gospel” ang madalas ituro ay ‘nais tayong pagpalain ng Dios ng na maraming pera at kayamanan”, o ang kayamanan ay isang pagpapala ng Dios. Marami pa ang sa kanila ay nagpapatotoo na sila ay pinagpala ng Dios dahil tumanggap sila ng ganito at ganireng halaga sa isang taong di nila kilala, o nakapulot ng wallet na puno ng pera Kayat kadalasan bunga ng ganitong katuruan, marami ang umaasa sa pagpapalang pinansyal mula sa Dios. Marami na kumakagat sa ganitong katuruan ay napapasunod hindi dahil sadyang hinahanap at minamahal nila ang Dios kundi mas higit nilang minamahal ang maaaring maibigay ng Dios sa kanila.

1 Timoteo 6:10, *Sapagka't ang pagibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na sa pagnanasa ng iba ay nalayo sa pananampalataya, at nasasadlak ang kanilang sarili ng maraming mga kapighatian.*

Tandaan din natin ang sinabi ni Jesus tungkol sa isang mayaman na nagnanais makapasok sa kaharian ng Dios subalit hindi kayang iwan ang lahat para sumunod sa Kanya.

Mateo 19:23, *At sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Mahirap na makapasok ang isang taong mayaman sa kaharian ng Dios.*

Kung ang pera o kayamanan ay lubhang mapanganib at mapanira, bakit natin iisipin na bibigyan tayo ng sobrang dami ng kayamanan ng Dios para masabing tayo ay pinagpala? Sa papanong paraan masasabing isang pagpapala ang pagiging mayaman? Kung ang kayamanan ay pagpapalang mula sa Dios, mas magiging napakadali sana sa mayayaman ang makapasok ng kaharian ng Dios subalit ito ay ang kabaligtaran sinasabi ng kasulatan.

Mateo 19:24, *At muling sinasabi ko sa inyo, Madali pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng isang karayom, kay sa isang taong mayaman ang pumasok sa kaharian ng Dios.*

Kung patuloy nating susundin ang ganitong lohika, lalabas na ang mahihirap ay di pinagpala ng Dios. Subalit malinaw na malinaw ang nasasaad sa kasulatan. Mapapalad kayong mga dukha: sapagka't inyo ang kaharian ng Dios (Lucas 6:20). Ngayon, paano natin masasabi na ang pagkakaroon ng kayamanan ay isang pagpapala kung ang mahihirap ang sinasabing mapapalad?

Tinuruan tayo ni Jesus na manalangin ng ganito: “Bigyan mo kami ng aming kakanin sa araw-araw “ na maaaring nagmula sa sinasabi sa kawikaan:

Kawikaan 30:8–9, *Ilayo mo sa akin ang walang kabuluhan at ang mga kasinungalingan: huwag mo akong bigyan ng kahit karalitaan o kayamanan man; pakanin mo ako ng pagkain na sapat: Baka ako'y mabusog, at ipagkaila ka, at magsabi, sino ang Panginoon? O baka ako'y maging dukha, at magnakaw ako, at gumamit ng paglapastangan sa pangalan ng aking Dios.*

Ayon sa mga nabanggit, naisin lamang natin ang matugunan ang pang araw-araw na pangangailangan dahil ang sobrang kayamanan ay maaaring maglayo sa atin sa Dios at ang sobrang kahirapan ay magtulak sa atin para magnakaw at

lapastanganin ang pangalan ng Dios. Ang dapat nating ipanalangin ay tugunan ang ating mga pangangailan, hindi hihigit at di kukulangin. Ang dapat nating naisin ay hindi ang sobrang kayamanan at karangyaan dahil ito ang madalas sumisira at naglalayo sa atin sa Dios. Oo. Totoong nagkakaloob ang Dios ang kanyang bayan at ang probisyon na yan ay maaaring sa pinansyal at propesyunal na paraan subalit ang mga ito ay di ang pagpapalang itinuturo ng kasulatan.

Dapat nating siyasatin ang kasulatan hinggil sa tinatawag na pagpapala upang di tayo matangay ng sari saring doktrina ng ibang mangangaral. Kapuna-puna na ang pagpapala ayon sa kasulatan ay laging konektado sa “buhay, kalusugan at pagiging mabunga. Ito ay mababasang una sa aklat ng Genesis.

Genesis 1:22, At mga binasbasan ng Dios, na sinabi, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at inyong punuin ang tubig sa mga dagat, at magpakarami ang mga ibon sa lupa.

Genesis 1:28, At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.

Gayon din ang tinanggap nina Noe mula sa Dios matapos humupa ang matinding pagbaha”

Genesis 9:1, *At binasbasan ng Dios si Noe at ang kaniyang mga anak, at sa kanila'y sinabi, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami at inyong kalatan ang lupa.*

Sa mga nabanggit, ang basbas o pagpapala ay patungkol sa pagpaparami, at buhay. Isaisip natin ito sa pagpapatuloy ng ating pagsaliksik hinggil sa paksang ito.

Genesis 12:2-3, *“At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay magiging isang pagpapala: At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa.”*

Genesis 17:20, *At tungkol kay Ismael, ay dininig din kita. Narito't aking pinagpala siya, at siya'y aking papagaanakin ng marami, at siya'y aking pararamihin ng higit; labing dalawang prinsipeng ang kaniyang magiging anak, at siya'y gagawin kong malaking bansa.*

Genesis 24:60, At kanilang binasbasan si Rebeca, at sinabi nila sa kaniya, Kapatid namin, maging ina ka nawa ng yutayuta, at kamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan niyaong mga napopoot sa kanila.

Ang kasulatan ay patuloy na ikinakabit ang pagpapala sa buhay at sumpa naman sa kamatayan:

Deuteronomio 30:19, Aking tinatawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa inyo sa araw na ito, na aking ilagay sa harap mo ang buhay at ang kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa; kaya't piliin mo ang buhay, upang ikaw ay mabuhay, ikaw at ang iyong binhi;

Malinaw na laging konektado sa ‘pagpapala’ ang pagiging mabunga, kalusugan at Buhay sa buong kasulatan;

Exodo 23:25-26, At inyong paglilingkuran ang Panginoon ninyong Dios, at kaniyang babasbasan ang iyong tinapay at ang iyong tubig; at aking aalisin ang sakit sa gitna mo. Walang babaing makukunan, o magiging baog man, sa iyong lupain: ang bilang ng iyong mga araw ay aking lulubusin.

Sa lahat ng nabanggit, masasabi natin na ang pagkakaroon ng mahabang buhay, kalakasan at maging ng mga anak ay masasabing pagpapala na mula sa Dios. Anupat ang pagkakaroon ng buhay na walang hanggan na maipagkakaloob sa atin ng Ama ang pinakatampok sa lahat ng pagpapalang matatanggap natin sa hinaharap.

Pahayag 20:6, Mapalad at banal ang makalaki sa unang pagkabuhay na maguli: sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan; kundi sila'y magiging mga saserdote ng Dios at ni Cristo, at maghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon.

At matatanggap natin ang ganitong pagpapala kung patuloy tayong susunod sa Kautusan ng Dios.

Pahayag 22:14, *Mapapalad ang nangaghuhugas ng kanilang damit, upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan.*

Ganito rin ang tema ng paksa nang mangaral si Jesus sa sa Bundok. Nagsalita Siya ng mga bagay na di materyal na pagpapala tulad ng Katuwiran, kaaliwan, at kahabagan pati na ang mga matatanggap ng gantimpala sa kaharian tulad ng “pagtawag na mga anak ng Dios, makikita ang Dios at mamanahin ang lupa.”

Mateo 5:3-12, *Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob: sapagka't kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad ang nangahahapis: sapagka't sila'y aaliwin. Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin. Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan. Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios. Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios. Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalmura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin. Mangagalak kayo, at tunay na magsaya: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nauna sa inyo.*

Ngayon, pakinggan natin ang babala mula sa Talinhaga ng mga Binhi;

Mateo 13:22, At ang nahasik sa mga dawagan, ay yaong nakikinig ng salita; nguni't ang kabalisahan na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, ay siyang dumaig sa salita, at yao'y hindi nagbunga.

Mapapansin na ang kayamanan ay mandaraya na naging dahilan upang hindi magbunga ang nasabing binhi. Gayunman, ang kasulatan ay malinaw na itinuturo na ang pagpapala ay pagiging mabunga tulad ng mga nabanggit. Ito ay malinaw na sumasalungat sa katuruan ng ilang mangangaral na ang kayamanan at karangyaan ay pagpapalang mula sa Dios.

Upang lubos pa natin maunawaan ang pagpapala, magandang tingnan natin kung ano ang sinasabi ng kasulatan tungkol sa sumpa, ang eksaktong kabaligtaran ng pagpapala. Ang unang 2 sumpa na binanggit sa biblia na nakaapekto sa tao ay nang sumpain ng Dios ang lupa pati na ang sinapupunan ng babaeng si Eva. Dati ang lupa ay nagbibigay ng bunga ng di kailangang pagpagalan, subalit matapos na sumpain ito, kailangan ng paghirapan ng tao ang bunga mula dito. Gayun din ang sinapit ng babae na manganganak ng may kahirapan, na marahil lubhang madali dati dahil ang Dios ay kasa kasama nila at kapwa sila nasa hardin ng Eden pa noon.

Genesis 3:16, Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo.

Genesis 3:17, At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;

Masdan na ang kapwa sumpa ay nagpapahirap para maging mabunga sa mga pagdami at nagpapahirap din ng buhay. Ang pagpapala ay pagkakaroon ng buhay, kalakasan at mabungang pamumuhay at hindi kailanman pagtatamasa ng kayamanan. Ang pagkakaroon ng salapi at kayamanan ay kadalasang bunga ng ating pagpapagal at pag-uubos ng oras sa isang bagay o trabaho kung saan tayo kumikita o binabayaran. Kadalasan ang trabahong nagbibigay sa atin ng malaking halaga ay gugugol din ng higit na mas malaking oras at lakas natin. Ang oras o panahon na ilalagi natin sa mundo (Buhay), maging ang taglay nating lakas (kalusugan) sa araw araw ang masasabi nating pagpapala mula sa Dios, ang kayamanan ay ang bunga ng paggamit sa pagpapalang ito.

Pinagmumulan ng Tunay na Buhay

Ngayon, pera at mga bagay na mabibili ng pera ang pangunahing problema ng lahat. Ito ang isang bagay na umookupa sa isip ng maraming tao. Ang tatlong pangunahing pangangailangan ng tao—pagkain, damit at tirahan—ay kailangang matugunan muna ito bago ang tao ay makagawa ng iba pang 'makabuluhang' bagay. Nauunawaan din natin mula sa salita ng Diyos na ang katawan ng tao na pinagsisikapan nating maisalba natin para mapagkalooban, mapanatili, maisaayos, at busugin sa abot ng ating makakaya ay babalik sa alabok ng lupa isang araw, kung saan ito orihinal na nagmula (Genesis 3:19).

Si Pablo ay prangkahang sinabi na ang "pagkain ay para sa tiyan at ang tiyan ay para sa pagkain, ngunit Diyos ay magpapatigil pareho sa mga ito." (1 Corinto 6:13). Mangyari pa, hindi niya itinuturo na talikuran ang pangangalaga sa pisikal na katawan. Tinutukoy lamang niya na ang katawang ito ay lilipas at masisira, subalit mapapalitan at mababago ng isang di nasisirang katawan sa Pagkabuhay na mag-uli (1 Corinto 15:53-54).

Sinabi niya na ang pagkakaroon ng buhay na walang hanggan ay magpapalaya mula sa pagtitiwala sa mga bagay na

ginawa mula sa lupa para tustusan ang maikasing buhay na ito. Ang imortal na buhay ay buhay na likas—ito ay nabubuhay ng sarili; at ngayon ay Diyos lamang ang mayroon nito (2 Timoteo 6:16). Ngunit ang mabuting balita ay maaari niyang ibahagi ito sa sinuman bilang isang kaloob (Roma 6:23) sa ilang mga kondisyon na itinakda ayon sa kanyang mga salita (Roma 2:6-7). Iyan mismo ang isa sa mga dahilan kung bakit si Jesus ay dumating at namatay para sa sangkatauhan.

Pabalik sa hardin

Ano ngayon ang pinakamahalagang 'pagkakataon' na nawala sa mga tao sa malungkot na pangyayari na ginawa ng ating mga unang magulang sa Halamanan ng Eden? Ang sumusunod na mga talata ay sinasabi sa atin: "*pagkatapos ay sinabi ng Panginoong Dios, ' Narito na ang tao ay naging parang isa sa atin, sa pagkaalam ng mabuti at masama; at ngayon, siya baka iunat ang kanyang kamay at kukuha din mula sa punungkahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailanman '.* Samakatwid ang Panginoon Diyos ay pinalayas siya sa Halamanan ng Eden, upang linangin ang lupa kung saan siya nanggaling. Kayat pinalayas niya ang mga tao at sa silangan ng halamanan ng Eden ay inihimpil niya ang mga Kerubin at ng nagniningas na espada na pumipihit sa lahat ng direksyon upang bantayan ang daan tungo sa punungkahoy ng buhay." (Genesis 3:22-24)

Sigurado na ang pag-aalis ng pahintulot na kumain mula sa punungkahoy ng buhay na dati ay malayang nagagamit nina Adan sa simula, ay ang pinakamahalagang aspeto na tinalakay sa mga pinagbabawal. Ang huling bahagi ng Genesis 2:22, ay malinaw na nagsasabi sa atin na ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan ay kumakatawan sa buhay—buhay na walang hanggan—at ang pagkain nito ay nagbibigay-daan na mabuhay magpakailanman. Ang pisikal na kaginhawahan na nawala sa malagim na kabanatang ito ng kasaysayan ng tao ay hindi matutumbasan ng mga espirituwal na pakinabang na sana ay nakamit ni Adan kung sumunod lamang siya sa Dios. Pagkain ng punungkahoy ng buhay ay magdadala sa mga tao patungo sa kanilang huling dapat kahahantungan.

Kapag ikaw ay may buhay na likas, isang buhay na hindi umaasa sa mga sangkap na ginagawa mula sa lupa upang magpatuloy itong mabuhay, isang buhay na patuloy na umiiral nang hindi kailangan ng paghinga, isang buhay na ganap na **hindi tinatablan ng** anumang sakit; o anumang armas gamit ng isang determinadong mamamatay-tao, o anumang bagay na may kakayahang kumitil ng buhay na pisikal. Ano pa ang hihigit dito na kailangan mo? Gagawin lahat ng tao para kumapit sa pinakamahal na buhay, subalit hindi dinesenyo ng Dios ang pisikal na katawan upang mabuhay magpakailanman. Ang maikling panahon ng buhay na mayroon tayo ay talaga nilayon upang payagan tayo na makinabang sa mga pagkakataong mabuhay magpakailanman.

Si Jesus ay Nagbibigay ng Buhay

Ang pagka-unawa sa layunin ng Diyos kung bakit nilikha niya ang tao ay Ang maalaman ang dahilan sa likod ng ating pag-iral ay ang bukal na nagbibigay ng matatag na pananaw at kapayapaan ng isipan. Ito ay ang pinagmumulan ng kalayaan mula sa pangamba, pagkabahala, kabiguan, at kawalan. At marami sa mga taong matagumpay sa mundong ito ay hindi alam ito. Nakapagtataka ba na may "matatagumpay"— matataas na kalibreng mga tao sa kabuhayan at maging kapangyarihan—ay hindi lubos na masaya, na nakasalalay sa droga, hindi makatulog ng mahimbing at ang pinakamalala ay may posibilidad na magpatiwakal? Sila ay mayroon ng halos lahat ng bagay sa buhay na ito na kung saan ang karamihan ay nakakamit sa kanilang mga pangarap lamang; Subalit sila ay pa rin nagpapatangay sa kabiguan, kahungkagan, emosyonal na pagkabagot, at kawalan ng pag-asa. Tiyak na ito ay hindi ang uri ng masaganang buhay na nais ni Jesus na magkaroon tayo.

Si Jesus ay pumarito bilang Tagapagligtas ng sanlibutan (Juan 4:42). Ang pamosong talata na Juan 3:16 ay dapat maunawaan sa liwanag ng misyon ni Jesus, ito ay upang ibalik ang relasyon ng tao sa Diyos, at matamo ang kaligtasan at buhay na walang hanggan. Sinabi ni Jesus sa diablo na "Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos." (Mateo 4:4). Ang mga salita ng Diyos ay nagbibigay ng mga pangunahing alituntunin sa pamumuhay na aakay sa atin sa buhay na walang hanggan.

Si Jesus ay may isang alok. Sabi niya, "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at

kayo'y aking papagpapahingahin. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa" Mateo 11:28-29. At ipinangako niya, "... Ang nauuhaw ay aking paiinum ng walang bayad sa bukal ng tubig ng buhay." (Pahayag 21:6) Tatanggapin mo ba ang kanyang alok, at uumpisahan na mabuhay ng uri ng buhay na nais niyang magkaroon tayo? Nasa sa iyo ang desisyon..Huwag hayaang maging huli na ang lahat!

The Church of God International
Meeting Places

Manila

6th Floor, Peaksun Bldg.
Princeton St.,
Mandaluyong City
Saturdays, 2 p.m.

Naga

New Crown Hotel
Elias Angeles cor.
P. Burgos St.,
2nd-5th Saturdays
10 a.m.

Alabang

Crimson Hotel,
Entrata Urban Complex,
Filinvest City, 2609 Civic Dr.,
Muntinlupa City,
Saturdays, 2 p.m.

Cebu

Elegant Circle Inn
Fuente Osmeña Circle
Cebu City
1st Saturday of the Month
1 p.m. - 4 p.m.

Malolos

Hiyas ng Bulacan
Convention Center
Malolos City
Saturdays, 2 p.m.

Mindanao

Alzon's Palace, Maranding
Lala, Lanao del Norte
Saturdays 10 a.m.

Brgy. Kiara, Don Carlos,
Bukidnon

1st & 3rd Saturday of the
Month
10 a.m.

Iloilo City

Iloilo Midtown Hotel
Yulo St.
Saturdays, 2 p.m.

For Further Information

If you would like to visit a CGI congregation, or if you would like to speak with a CGI minister or representative with any questions you may have, feel free to

Mga Babasahing Libreng Ipamahagi ng Church of God International (Philippines)

- Mga Mensaheng Nakapaloob sa Juan 3:16
- Ang Iglesia ng Dios Ayon sa Propesiya
- Mga Doktrinang Itinuturo ng Biblia
- Gabay sa Epektibong Panalangin
- Mga Bagay na Dapat Malaman Tungkol sa Pagsisisi